

Radiation Therapy

Radiation therapy is the use of radiation to treat cancer. This treatment is used to:

- Cure cancer by destroying cancer cells
- Control cancer by keeping cancer cells from growing and spreading
- Reduce cancer symptoms such as pain

There are two types of radiation therapy.

With **external radiation therapy**, a machine directs high-energy rays at the cancer. This is the most common type used. The skin is marked with ink so that the treatment is done at the same spot each time. The treatment is often done 5 days a week for 6-7 weeks. The first appointment may take a few hours but after that, treatments only take a few minutes.

With **internal radiation therapy**, also called **brachytherapy** or implant therapy, the radiation source is put in the body in or near the cancer. It is sealed in a small holder called an implant. The implant may be thin wires, plastic tubes, capsules, or seeds. The implant is placed for a few hours, a few days, or it may be left in place. Your doctor will decide the amount of time that the implant will be in place. If it is to be left in your body, the implant will lose its radioactivity in a short time. Internal radiation allows the doctor to give a higher total dose of radiation in a shorter time than can be done with external treatment.

Internal radiation therapy may also be done using radioactive liquid that is taken by mouth or put into the body. Your doctor will talk about safety measures to take at home and around other people. These measures will be for a limited time.

Teraping Radyasyon

Ang teraping radyasyon (radiation therapy) ay ang paggamit ng radyasyon upang gamutin ang kanser. Ang paggamot na ito ay ginagamit upang:

- Gamutin ang kanser sa pamamagitan ng pagsira sa mga selula ng kanser
- Kontrolin ang kanser sa pamamagitan ng pagpigil sa paglaki at pagkalat ng mga selula ng kanser
- Bawasan ang mga sintomas ng kanser kagaya ng pananakit o pagkirot

Mayroong dalawang uri ng teraping radyasyon.

Sa **panlabas na teraping radyasyon**, may makinang nagdidirekta na mataas-ang-enerhiyang sinag sa kanser. Ito ang uring pinaka-karaniwang ginagamit. Ang balat ay minamarkahan ng tinta upang ang paggamot ay magawa sa parehong lugar tuwing gagawin ito. Ang paggamot ay madalas na ginagawa 5 araw sa isang linggo sa loob ng 6-7 linggo. Ang unang pakikipagtipan ay maaaring magtagal ng ilang oras ngunit pagkatapos nito, ang paggamot ay magtatagal na lamang ng ilang mga minuto.

Sa **panloob na teraping radyasyon**, na tinatawag ding **brachytherapy** o implant therapy, ang pinanggagalingan ng radyasyon ay inilalagay sa katawan, sa kanser o malapit dito. Ito ay selyado sa isang maliit na sisidlan (holder) na tinatawag na implant. Ang implant ay maaaring maninipis na alambre, mga plastik na tubo, kapsula, o mga buto. Ang implant ay inilalagay ng ilang oras, ilang araw, o maaaring iwanan ito sa katawan. Ang inyong doktor ang magdedesisyon kung hanggang kailan ang itatagal ng implant. Kung iiwanan ito sa inyong katawan, mawawalan ng kakayahan ang implant na magbigay ng radyasyon (radioactivity) sa maikling panahon. Pinapahintulutan ng panloob na teraping radyasyon ang doktor na magbigay ng mas mataas na kabuuang dosis ng radyasyon sa mas maikling sandali kaysa sa maaaring gawin gamit ang panlabas na paggamot.

Maaari ding gawin ang panloob na teraping radyasyon gamit ang may-radyasyong (radioactive) likido na iniinom o inilalagay sa katawan. Tatalakayin ng inyong doktor ang tungkol sa mga hakbang para sa kaligtasan na kakailanganing gawin sa bahay at kapag may mga taong nakapaligid. Ang mga hakbang na ito ay sa limitadong panahon lamang.

Your doctor may order both types of radiation therapy. Radiation may be used alone or with other cancer treatments such as surgery or chemotherapy.

Side Effects

Radiation therapy affects both cancer cells and normal cells that are in the treatment site. The effects on normal cells are called treatment side effects. The most common side effects are feeling tired, nausea, vomiting and skin problems. Other side effects may occur depending on the treatment site. The side effects often go away after treatment. Talk to your doctor or nurse if you have any side effects.

Talk to your doctor or nurse if you have any questions or concerns at any time during treatment.

Maaaring ibilin ng inyong doktor ang dalawang klase ng teraping radyasyon. Maaaring radyasyon lamang ang gamitin o kasama ang iba pang paggamot sa kanser kagaya ng pag-opera o kemoterapi.

Masasamang Epekto

Inaapektuhan ng teraping radyason ang kapwa selula ng kanser at mga karaniwang selula na nasa bahaging gagamutin. Ang mga epekto sa mga karaniwang selula ay tinatawag na masasamang epekto ng paggagamot. Ang pinaka-karaniwang masamang epekto ay ang pakiramdam na pagod, naduduwal, pagsusuka at mga problema sa balat. Maaaring mangyari ang ibang pang masasamang epekto depende kung nasaan ang bahaging gagamutin. Ang masasamang epekto ay nawawala pagkatapos ng paggamot. Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroong masasamang epekto sa inyo.

Kausapin ang inyong doktor o nars kung mayroon kayong mga katanungan o pag-aalala anumang oras habang isinasagawa ang paggamot.

7/2007. Developed through a partnership of Mount Carmel Health, Ohio State University Medical Center and OhioHealth, Columbus, Ohio. Available for use as a public service without copyright restrictions at www.healthinfotranslations.org.